# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 31, 2021, LUNES, IKA-01:00 NG HAPON, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 1 JUN 2021 Santa Cruz, Laguna

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 17- T2021**

**KAUTUSANG PINAHIHINTULUTANG GAMITIN ANG MAGKABILANG GILID (SHOULDER) NG PAMBANSANG LANSANGAN (NATIONAL HIGHWAY) NA SAKOP NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA PARA SA MGA SASAKYANG TRAYSIKEL ARKILADO MAN O HINDI KUNG WALANG IBANG ALTERNATIBONG RUTA NA DAAN**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa DILG Memorandum Circular No. 2020-036 na may petsa February 17, 2020 hindi pinahihintulutan ang mga tricycles, pedicabs at iba pang motorized pedicabs na dumaan sa Pambansang lansangan (National Highway);

**SAPAGKAT,** ang paggamit ng daan ng mga sasakyan ay lumilikha ng kahirapan sa mga sumasakay dahilan sa kakulangan ng mga alternatibong daan upang mabilis na makarating sa paroroonan;

**SAPAGKAT**, ang haywey ang pinakamabilis na daanan ng mga traysikel at motorsiklo at mga nabanggit sa taas nito sa halip na bagtasin ang pagsisikip ng trapiko sa loob ng bayan;

**SAPAGKAT**, ayon sa Batas-Pambansa 4136, hindi pinapayagan ang mga sasakyang traysikel at motorsiklo at nabanggit na dumaan sa mga haywey o pambansang lansangan;

**SAPAGKAT**, upang matugunan ang kaayusan at kumbiyenteng pagdaan ng mga nasabing sasakyan, binigyan ng karapatan ang pamahalaang bayan, sa pamamagitan ng sangguniang bayan na iregula ang pagpapatakbo ng mga sasakyang nabanggit tulad ng pagpapadaan sa haywey o pambansang lansangan ayon sa kapahintulutan ng Department of Interior and Local Government (DILG), Department of Transportation (DOTr) at Land Transportation Office (LTO);

**SAPAGKAT**, nagkaroon ng Public Hearing noong Mayo 26, 2021 para ipaalam sa mga may-ari ng apektadong sasakyan ang umiiral na kautusan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban (Tagapamuno ng Lupon sa Transportasyon at Komunikasyon), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Mark Anthony P. Odejar at sa buong pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Ang kautusang ito ay tatawaging:

**KAUTUSANG PINAHIHINTULUTANG GAMITIN ANG MAGKABILANG GILID (SHOULDER) NG PAMBANSANG LANSANGAN (NATIONAL HIGHWAY) PARA SA MGA SASAKYANG TRAYSIKEL, ARKILADO MAN O HINDI, KUNG WALANG IBANG ALTERNATIBONG RUTA NA DAAN**

**SEKSYON 2 – Kahulugan ng mga salita.**

1. Traysikel – sasakyang de-motor na may side car na maaaring gamiting pansarili o ipang -arkila o pangdeliber o paghahatid ng pasahero at kagamitan.
2. Drayber – nagpapatakbo ng traysikel at motorsiklo at mga kahalintulad nito
3. Pambansang Lansangan (haywey) – pampublikong daan na pag-aari ng pamahalaang nasyunal
4. Department of Transportation (DOTr) – tanggapang nasyunal na nangangasiwa sa sasakyang pangkati.
5. Sta Cruz Traffic Management Office (SCTMO) – Pambayang Tanggapan na nangangasiwa sa trapiko sa bayang ito.
6. DOTC – ahensya ng pamahalaang nasyunal na nangangasiwa sa transportasyon at komunikasyon sa bansa

KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN Kagawad
KGG. RAMON D. TAN Kagawad
KGG. LEA A. ALMARVEZ Kagawad
KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN Kagawad
KGG. LOUIE C. DE LEON Kagawad
KGG. EFREN L. DIAZ Kagawad
KGG. LUCENA R. ODEJAR Kagawad
KGG. ALAN T. PAMATMAT Kagawad
KGG. PATROCINIA S. KALAW ABC Federation President
KGG. REGINE S. REGALADO SK Federation President

**SEKSYON 3** – Tungkulin ng pamahalaan bayan ang ipanatili ang kaligtasan ng publiko maging sa mga daan at haywey sa nasasakupan ng bayan ng Santa Cruz, Laguna kung kaya't :

a. Ang pamahalang bayan, sa pakikipag-ugnayan sa Department of Interior and Local Government (DILG), Department of Transportation (DOTr) at iba pang may kinalamang ahensya ay mag-aatas na ipatupad ang pagdaan at paggamit ng magkabilang gilid (shoulder) ng haywey para sa mga sasakyang traysikel arkilado man o hindi at mga nabanggit para sa mabilis na paglalakbay at pagdaan at bilang alternatibong daan.

b. Kailangan ang kapahintulutan ng DILG at DOTr na bagtasin at gamitin ng mga sasakyang de-motor, traysikel at mga nabanggit na sasakyan ang magkabilang gilid (shoulder) ng pambansang lansangan o haywey sakaling walang alternatibong ruta o daan.

c. Hindi pinahihintulutan ang mga nasabing sasakyang daanan ang gitna ng lansangan maliban sa itinakdang daan, ayon sa Seksyon 5 ng kautusang ito.

d. Ipabatid sa mga drayber ng traysikel at sasakyang de-motor at mga nabanggit ang paggamit ng magkabilang gilid (shoulder) ng pambansang lansangan bilang partikular na daanan

**SEKSYON 4 – Paraan ng pagpapatakbo ng mga sasakyang motorsiklo, traysikel, E-bike at mga sasakyang may tatlong gulong.**

1. Bagamat hindi pinapayagang gamitin ang mga motorsiklo, traysikel at mga sasakyang may tatlong gulong ang haywey, ang Sangguniang Bayan ay maaaring magkaloob ng pahintulot sakaling walang ibang lugar na pagdaraanan at kung may biglaang pangangailangan.
2. Kailangan may pahintulot ng Motorized Tricycle Operators Permit (MTOP) sa bawat bayan kung ang daraanan ay haywey at kung hanggang kailan ito magagamit o magkakabisa.
3. Kailangang may taglay na lisensya mula sa Land Transportation Office (LTO) ang nagmamaneho ng traysikel, pampasahero man o panghakot ng mga kagamitan. Ipapanatili ang bilang ng pasahero sa traysikel.
4. Magpatakbo nang may tulin o limit na 40 kilometro bawat oras ang mga nabanggit na sasakyan.
5. Hindi pinapayagang pumarada ang anumang uri ng sasakyan sa magkabilang gilid (shoulder) ng haywey.

**SEKSYON 5 – EXEMPTION.** Ang mga sasakyan na binabanggit sa seksyon 4 ng kautusang ito ay maaaring gamitin ang Pambansang Lansangan batay sa Tricycle Route Plan (TRP) itinakda ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna gaya ng sumusunod:

- Pagsanjan Arch – Pagsawitan Intersection
- Pagsawitan Intersection – Patimbao/Palasan Intersection
- Patimbao/Palasan Intersection – Bagumbayan/Bubukal Intersection
- Bagumbayan/Bubukal Intersection – Bubukal/Labuin Intersection
- Bubukal/Labuin Intersection – Munting Gatid
- Munting Gatid – Sunstar Mall
- Sunstar Mall – Gatid/Labuin Intersection
- Gatid/Labuin Intersection – Uno Fuel Santa Cruz
- Uno Fuel Santa Cruz – El Rey Subdivision

**SEKSYON 6 – KAPARUSAHAN.** Ang Santa Cruz Traffic and Management Office (SCTMO) sa pakikipagtulungan ng Task Force Disiplina at ng Pulisya ay inaatasang hulihin ang mga lumalabag sa kautusang ito na may kaukulang kaparusahang P2,000.00 lakip ang pag-iisyu ng Ordinance Violation Receipts (OVR)

**SEKSYON 6** – Pagpapatupad. – Ang pamahalaang bayan sa pamamagitan ng SCTMO sa tulong ng Task Force Disiplina ay magsasagawa ng kabatiran at paglalagay ng mga karatula sa mga pambansang lansangan.

**SEKSYON 7** – Lahat ng mga kautusang bayan na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang-saysay.

KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN
Kagawad

KGG. RAMON D. TAN
Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. EFREN L. DIAZ
Kagawad

KGG. LUCENA R. ODEJAR
Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Kagawad

KGG. PATROCINIA S. KALAW
ABC Federation President

KGG. REGINE S. REGALADO
SK Federation President

**SEKSYON 8** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na maipaskel sa mga hayag na lugar sa nilolooban ng 15 araw.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Hukom, Kagawaran ng Pulisya, mga Punong Barangay, SCTMO, LTMO, Pederasyon ng mga Magtatraysikel, Liga ng mga Barangay at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 31, 2021.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad

**KGG. LEA A. ALMARVEZ**
Kagawad

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad

**KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN**
Kagawad

**KGG. EFREN L. DIAZ**
Kagawad

**KGG. LUCENA R. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. PATROCINIA S. KALAW**
ABC – Federation President

**KGG. REGINE S. REGALADO**
SK – Federation President

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
6/15/21